

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ayos ng Pangungusap

Kakayahan: Nagagawang karaniwan ang ayos ng isang pangungusap

Gawing **karaniwan** ang ayos ng bawat pangungusap.

1. Ang pagsusulat natin ay madali lang.

2. Ang biyahe papuntang Baguio ay anim na oras.

3. Si Paolo ay nagsusulat ng liham.

4. Sina Rico at Edwin ay umuwi na sa probinsiya.

5. Ang mga damit na ito ay bagong-bago.

6. Sila ay sasali sa laro ninyo.

7. Ang presyo ng gasolina ay bababa muli.

8. Siya ay magluluto ng masarap na *spaghetti*.

9. Ang mga aklat ay nakapatong sa mesa.

10. Ako ay manonood ng sine.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ayos ng Pangungusap (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagawang karaniwan ang ayos ng isang pangungusap

Gawing karaniwan ang ayos ng bawat pangungusap.

1. Ang pagsusulit natin ay madali lang.

Madali lang ang pagsusulit natin.

2. Ang biyahe papuntang Baguio ay anim na oras.

Anim na oras ang biyahe papuntang Baguio.

3. Si Paolo ay nagsusulat ng liham.

Nagsusulat ng liham si Paolo.

4. Sina Rico at Edwin ay umuwi na sa probinsiya.

Umuwi na sa probinsiya sina Rico at Edwin.

5. Ang mga damit na ito ay bagong-bago.

Bagong-bago ang mga damit na ito.

6. Sila ay sasali sa laro ninyo.

Sasali sila sa laro ninyo.

7. Ang presyo ng gasolina ay bababa muli.

Bababa muli ang presyo ng gasolina.

8. Siya ay magluluto ng masarap na *spaghetti*.

Magluluto siya ng masarap na *spaghetti*.

9. Ang mga aklat ay nakapatong sa mesa.

Nakapatong sa mesa ang mga aklat.

10. Ako ay manonood ng sine.

Manonood ako ng sine.
